# TURNO KUNG NOKTURNO
At Iba Pang Tiyempo ng Rilyebo sa Pagberso

“Ang katotohanan ay ngumingiti
sa liwanag, ngumingisi
sa karimlan.”

- Edgardo M. Reyes

“Singhalaga rin, ano't anuman
ng pagkain ang pagmamahal.”

- Gabriel Garcia Marquez

**MGA TULANG NASA KALIPUNANG ITO**

1. Sa Ngalan ng Muling Pagsilang
2. Alalay sa Pagkalaylay
3. Ulilang Mandirigma
4. Alutong sa Bubong
5. Sa Magkabilang Lupalop ng Isang Pangarap
6. Tropeo sa Gubat
7. Masaker sa Tabi Ko
8. Hain sa Gitna
9. 800 Mukha sa Bintana
10. Pinakamagandang Pagluha sa Balat ng Lupa
11. Sulat Buhat sa Anlugarba
12. Isang Bantayog na Nag-iisip
13. Kronika ng Sanlibo't Isang Maskara
14. Hatinggabi ni Gollum sa Hapag Ko
15. Abiso Mula Ibayong-Dagat: Paliwanag ng Ministro Tungkol sa Batas sa Trabaho

## SA NGALAN NG MULING PAGSILANG

> “Isang sakdal-lawak na resureksiyon ang kultura.”
>
> - Andre Malraux

> “Dapat kong ikagalak ang isa pang kamatayan.”
>
> - T.S. Eliot

(1) Deka-dekada na ang nakalipas
sa paghihintay ko ng lamping dagdag -
ako na dinalumat ang pangalan kasabay
ng ambong nagpakisay ng mga dahon sa tiningkal;
Kasunod niyon, dumagundong ang bulong ng bawat matanda:
“Gigitlain ng transpormasyon ng nayon ang mga bata,
ng paghuhunos ng kaligirang kakulay ng mga lukton;
at may nag-alinlangan sa pagtanggap ng pahiwatig
na nagkatinig sa pagitan ng duyan at hukay:
“Iisang kariktan ang ibabadha ng mga pagsilang -
Kahubdang nagpupuyos sa hangaring maikubli
ang laksang mga pilat ng karalitaan.”

(2) Inakala na sintada ng taong humukay ng unang ilog,
tila ako panauhing naghahagilap ng karidad,
ng magkakaloob sa akin ng mga mata ng musmos;
buhat ako sa putol na landas,
nagkagilik ang isip sa bukiring walang pilapil,
nagkatibo ang puso sa dagat na walang hulo;
nanlalagkit sa sapot ang aking katawan -
akong nakalimot sa laki, hugis at kulay
ng mga gagamba at alakdan;
hinukos ako ng sariling buhok at balbas
na sayad sa lupa ang haba,
gaying hindi ako inutlawan ng uban.
Nais ko'y harayang bubulag sa araw na nagliliwanag,
magbibilad ng mga lihim
upang sa pamamalasak ay perpetual
na maglihi at mangitlog sa bibig ng lahat.

(3) Binabasa ko ang aking anino,
subalit ayaw nitong maghunos bilang mga salita
na sa lapida ko igagatlas.
Kailangang managinip ako sa piling
ng mga sanggol na kinaladkad ng baha
o inaruga ng bulkan:
sa gayon ako maaaring masadlak
pabalik sa mga landas na minulan ninyo,
magsuwi sa oyayi, at mapaslang minsan pa,
dahil tumutol sa nagisnan.

(4) Sa mga dekadang nakalipas,
naging lamat sa noo ko ang pagkatantong
may basbas ng kidlat!
Akong naroon ay dadapo
sa naritong lunin ninyo, lunang gawak -
sintanda ng isang kurap.

## ALALAY SA PAGKALAYLAY

Ano pa ang hahanapin<br>
natin<br>
o sa atin?<br>
        Nililihisan tayo ng habagat,<br>
        binabayaang<br>
                        nakakapit<br>
                        sa bingit<br>
        ng panganib.

Wala, wala nang dapat<br>
hagilapin oras-oras,<br>
inagawan man tayo ng puwang<br>
sa gitna ng mga pangarap,<br>
puwang<br>
na kaiinggitan ng mga ulap.<br>
        Hindi pa isinisilang<br>
        ang mauutas<br>
                sa pagkadayukdok;<br>
mayroon tayong eternal<br>
                na moog,<br>
gaya ng bundok<br>
        ng mga mugmog.

## ULILANG MANDIRIGMA

Tumba-tumba'y timbangan
ng mga pagninilay -
tugon sa karaingan
ng tungkod na alalay.

    Singhaba ng hininga
    at karubduban niya
    ang sariling kronika
    ng panahon nila.

Sa tinig niyang buo
gumagalaw ang yugto:
mahamog at madugo...
araro... liblib... punglo...

    Payapa nga bang tunay
    ngayon ang pamumuhay?
    Hinakang kasagutan,
    'Tahimik na digmaan'?

Ulila sa asawa
noon pang nakibaka,
tila siya ulila
sa lahat ng kasama -

    Nayon, anak, kapatid,
    unahan kung igiit
    na idaan sa idlip
    ang gunitang pasambit.

Tungkod at tumba-tumba
lamang, sa wari niya,
ang nagpapahalaga
sa naturang kronika.

## ALULONG SA BUBONG

Bangka o bola man ang hugis ng buwan,
hubad-barong umaakyat ang lalaki sa bubungang
latang kinakain ng kalawang. Maghuhumindig,
mamamaywang, kukumpas, susuntok,
magpapaalingawngaw
                        ng paalulong na himagsik at himutok.
Aamin siya: sirang plaka ang kaniyang palaging kipkip,
ngunit buo at maalimpuyo naman ang kanyang tinig:
                        nagkakabagwis, nagbubumigwas sa pagtawid,
basta masaklot at mabitbit lang sa pagbalik
ang nagtataingang-kawaling mga kapatid.
                        Buwan ang tanging umuunawa
sa kalagayan niya na sampung kahig, isang tuka;
kinakausap sa padilat na panaginip
ang mga magulang, pinipilit o inaakit
                        na bumiling sa libingan.
Tinakasan niya ang sentrong tambakan
diumano ng mga may-sira-sa-ulo,
para hantingin ang kapural
ng ngakaletse-letseng kapalaran,
at para pabaliting igapos ang tarantado,
ibulid at pakawagin ito sa poso negro.
                        Mangmang, opo, mangmang
                                ang ama at ina niya:
                        ginago at ginaga, hiniraman
                        ng titulo ng lupa, na matapos isangla
                        ay pinagtaguan ng namamaraling edukado,
                        na sobra ang kapal ng mukha
                        at tibay ng sikmura;
                        ilang tulog pa at iilitin na ng bangko
                        ang lote't bahay.
At tinitikis siya ng mga utol na nagpalusaw
ng bukiring pinagtubuan ng puhunan
upang maglubalab at tumabo sa malalayong lupalop.
Ay, naku, hindoropot!
Hinding-hindi
                siya nagpakamangmang o nagpakabugok...
Kahit unang baytang lamang ng paaralang primarya
ang natuntungan niya.
                Pasintabi, ah! Pasintabig na mataos
ang hingi niya, muli't muli,
sa kapitbahayan, sa buong baryo, sa buong munisipalidad

na baka nabubulabog
at natitibagan ng tutuli;
ipinaiintindi lang kasi ng sawimpalad na ito
        ang napakluwat
        nang matinding iniintindi.
Hahalakhak ang lalaki,
mag-aalulong ng huling mensahe:
        Magugulantang ang sanlibutan
        kapag nanaig ang simbuyong ipalamon
        sa apoy
ang hamak na pamanang kinatitindigan.

## SA MAGKABILANG LUPALOP NG ISANG PANGARAP

Iisang anino tayo noon,
palibhasa'y pinaghinang ng kapangahasan;
at pagkuwan,
naitanong mo: Hinihilam kaya ng lamig
ang mga mayang tatawid sa himpapawid?
Muling tinalikdan ta ang paghihikahos,
ang mga opisyong mala-ulikba sa pagkabalakyot,
at ang pook na sinambi-sambilat
                                        ng habagat.
                                        At tuluyang isinadlak
tayo ng unos
sa magkabilang lupalop ng isang pangarap.

Gaya ng mga gatla ngayon sa noo ko,
paano buburahin ang mga salita
na buong-lalim tang sinulat sa bato?
Tumatagistis ang sikil na huni
ng mga ibong umaamot ng alab sa bubong;
mapighating nakangiti ka
gumigitaw sa kisameng malumot -
gumagayak upang turuan akong lumimot.

## TROPEO SA GUBAT

> “Ipinasiyasat ng DENR ang limbag na
> patalastas tungkol sa binansagang
> 'trophy hunting' ng mailap
> na hayop sa gubat.”
>
> - Mula sa isang balita

Halughugin ang bawat gubat,
salakayin ang pinakamailap
na hayop, at sa pagpapaatikabo
ng pakikipagsapalarang ito,
bitbitin ang napakapambihirang tropeo.
Nabulabog sa gayong pusakal na pithaya
(na kimkim ng anunsyo sa madla)
ang mga taliba ng kalikasan:
dumadalas, bumabangis ang pananalakay
laban sa Inang Lupa.
Napapagod din at tumatanda ang mga kilabot;
sa pagpapakatotoo ng mga taliba, mauubos
ang tagatapyas, tagalapa, tagapagluwas, tagaangkin
ng bihag na hayop, kung magpapakahimbing
sila sa pakikipagsapalarang
halos makabaliw.
Mga turistang nagtatampisaw sa ligtas na paligid
ang nirarahuyo para magpanibagong-titig
Sa madla, ipinahihiwatig din, siyempre, ng anunsiyo:
ligtas ang lahat, hayop man o tao,
kung ligtas ang likas na santuwaryo.

## MASAKER SA TABI KO

Nailuto nang lahat ng mga naulila
ang dumalaga, katyaw, at inahing manok
na pawang sisiyap-siyap noon
sa ibabaw ng mga ataul,
uuki-ukilkil sa budhi
ng mga kasabwat at utak ng paglipol.
    Umaasa ng hustisya
    ang mga kinauukulan,
    umaani ng tinga
    ang ngipin ng batas
    nagpapataasan ng salansan
    ang mga asuntong inaagiw.
Kabisado ko ang buhay at kamatayan
ng marami, pangunahin
ang lagim at lungkot na dulot
sa angkang nalagasan.
Mag kapurok ko sila.
Ako ang nagpayo: "Idaan ninyo
sa pagpapahuni ang posibilidad
ng paglutas, kung nahirating maghikab
ang mga awtoridad.
    Hindi sa pagmamapuri,
    akin ang mga sisiw.
    Maluwat kong pinag-isipan
    iniabuloy, may kasamang pera,
    sinluwat ng paghuhugas ko
    ng duguang mga kamay
    at pagbibihis upang magdamag
    akong makiramay at makiramdam.

## HAIN SA GITNA

Kaylan minasama
        ng kana't kaliwa
ang inihain mong tinapay sa gitna?
        Wala pang gumusto
        na mawala ito,
        o magtampo para lumaklak ng abo.
Makulay, gayunman,
ang kasamang luwal
ng bawat okasyong kaytingkad ng kintal.
        Ngayon, nauhaw ka
        nang uhawin sila
        at gutuming kabis habang nagsasaya.
Minabuting kagyat
nila: magpasarap
sa dugo't laman mong hain sa magdamag.

## 800 MUKHA SA BINTANA

> “Out of the ash
> I rise with my red hair
> And I eat men like air.”
>
> - Sylvia Plath, “Lady Lazarus”

Kulang ang bilang.

Marami at masinsin
ang mga bintanang nakukurtinahan sa dilim...
sa sinilip na himpilan.

Gitgitan sa guniguni
ang mga mutyang nagsisindi
ng kandilang walang kasinlaki:
pag-aabuhin sa himagsik
ang daigdaigang sarling daigdig.

Naglalaho na ang ulilang pintuan
ng himpilang
may alaalang 8,000 taong gulang.

## PINAKAMAGANDANG PAGLUHA SA BALAT NG LUPA

Habambuhay ba ipaghihinagpis
ang pagsilang
sapagkat walang pinilakang kutsara sa bibig?

Natanso?
Sikaping mabusog sa kaisipang ginto.

Maglupasay sa kalungkutan
kung mahihinog ang hinuha:
puhunan itong kahanga-hanga.

Hala, ipagmalaki ang atungal
na gaya-gaya:
Kung mamukod na saksi ka
sa pagluha sa iyo ng buwaya.

## SULAT BUHAT SA ANLUGARBA

“After love, the worst
fixation is gold.”

- Isabel Allende

Insang Damian,

Nakagagalak ang pagtahak mo papunta
pala sa mga pasilyo ng kapangyarihan.
Ako naman, balik-luya ang daliri ng paa,
at ayokong lubusang pagdiskitahan
ang paghiwalay sa akin ni Kulasa.
Mula nang makasal kami
at ayaw mo nang pumisan sa akin,
nalugi ako sa negosyong troso at trucking,
pati sa dagisunang pagbibiyahe
ng gulay at baboy at prutas at kambing -
ako yata'y nagkulang sa diskarte.
Dito sa Anlugarba ako ipinadpad ng habagat.
Pamawi ng pangungulila sa asawa
ang pagbubukid at pagsuot sa gubat,
o sa alinmang kaliblibang baka
katutuklasan sa sinasabing ginto ni Yamashita.
Kinikilala ako dito bilang anak,
nakagiliwan ng mga katutubo, kahit padpad,
laging hinihikayat na sumabak sa politika,
batugan daw kasi ang meyor ng Anlugarba.
Kaylan ka ba mahahapo sa pagka-single?
O sa wakas ay nagpasilo ka nang palihim?
Ano't anuman, ako'y medyo nahihindik
sa kawalan ng pansariling daan
para magpingki ang mga baso ta at paningin,
gaya noong ihatag mong pulutan
ang debateng alin ang mas magaling:
pag-aasawa na iisa ang pakakainin,
o pangangasawa na walang bubuhayin?
Nasa liblib ako ngayon, radyo
ang alalay, na kinaringgan ko
ng balita tungkol sa iyo at sa pasilyo;
bukod sa mapang magtuturo
ng kinaroroonan ng tala-talaksang ginto.
Mapang pahiram ng isang matandang katutubo.

Sa oras na mahukay ang suwerte,
babawiin ko sa aking biyenan si Kulasa;
mangangapital ako sa negosyong yate.
Saka na lang ang pambubuyong maging yorme.
Ikaw na muna ang bahala sa politika,
at dadayuhin kita, siyempre.

Umaasang muling aangat din,
Insang Gusting

## ISANG BANTAYOG NA NAG-IISIP

Nag-iisip, napakatagal na,
ang monumentong nakatayo sa resinto
ng munisipyo.
Tulad ngayon,
nag-aalumpihit sa loob ng kaniyang ulo
ang mga tanong:
Mapaglulungga kaya sa aking ilong
ng namparitong nakakimona't nakabarong
ang amoy nila,
o ang bango ng bulaklak na hugis-korona?
Sino ang balak pahangain ng talumpating maligoy
tungkol sa Rebolusyon?
Pasasalamatan ko ba ang minsan-santaong
pagdagsa't pagtanghod sa akin?
At ang pagtugtog
ng banda ng musikong kasama
naming nagmartsa papunta
sa himpilan ng mga dayuhang mananakop,
talastas kaya ng naritong kagalang-galang
na kababaihan at kalalakihan
ang subersibo, mapagpalayang tono niyon?

Heneral and ranggo
ng monumento,
naoobligang mag-utos
sa mga lamok, gagamba at lumot:
Dito sa akin mismo
mamahay kayo.

Pinakamimithi niya
ang higit sa pagkilala
sa tatag niyang magpuyat
o matulog kahit saglit
nang nakadilat at nakatindig.
Iniisip ng bantayog na ito:
Yayamang lagi't laging ganito
ang sibol ng henerasyon,
maninikluhod ako sa lindol at bagyo -
“Iguho at isadlak ako
sa sementeryo.”

## KRONIKA NG SANLIBO'T ISANG MASKARA

Padron ng maskarang suot mo pagsilang
ang sanlibong mukha ng paghihikahos;
tumanda kang hindi ito iwinalay
sapagkat sagisag ng lipi mong bantog.

    Magnipikong mithiing tiyaking dapdap ka
    at kilanling tunay kung magmalasakit:
    itanghal ang bilang na sanlibo't isa
    ng dapat magbunying pangkat anakpawis.

Bigla kang naratay at di mapagaling.
Sa bugtong ng sakit, walang makatugon.
Minsan, isang tinig ang tumiyak mandin -
tanggal na maskara ang sagot sa bugtong.

    Noon mo hinubad ang sanlibong mukha
    at noon din dagsang dumating ang pangkat;
    tinig mong kilala nila ang nagbadha
    ng tunay na anyong sukdulang tumambad;

Masiglang tuminding, katawan kang buo
at agnas ang mukha: isang markang bungo.

## HATINGGABI NI GOLLUM SA HAPAG KO

(Isang Sulyap sa 'The Lord of the Rings' ni JRR Tolkien)

Gumugol ng limang siglo sa kabundukang
hindi ko nayapakan, sumulpot ka:
nakatalungko, nanlalansa,
nananalasa ang kaylaking mga mata,
nagsisingasip ng hinala na angkin
ko ang hinahangad - hinahapad mong singsing.
Dahil ba kamuka ko
Si Bilbong nakabugtungan mo?
Ay, mayroon lamang akong gapok na tadyang,
isasanglang pulseras at gasgas na relong
ipambibili ng asin at bigas,
at tungkos ng talinhagang nakabitin,
inuuban sa balag ng alanganin.
Hinandugan ako ng panaginip
ng napakaraming singsing ng palsipikadong pag-ibig,
nang tangkang bibilangin, sumiklab lahat,
at naging uling
ang asawa kong kapiling.
Oo, minsan akong kumagat sa tukso ng mundo.
Ngayong sumaakin ang tinaguriang tagabulag,
kung nais ay ngatngatin mo
ang mga daliri kong ito,
batay sa mga bakas ng aking paa;
ibukod natin ang sariling hugis
ng madugong paglilinis.

## ABISO MULA IBAYONG-DAGAT: PALIWANAG NG MUNISIPYO TUNGKOL SA BATAS SA TRABAHO

Higit na mahalaga ang magbanat ng buto
Kaysa magsunog ng kilay.
Binarena po ang batas para makapasok sa butas
ang mga empresang pampamilya.
Pagsira po ba ito sa pangarap mahahango
sa kalagayan nila
ang 450 milyong sangkahig-santuka?
Makikinig po ba tayo
sa sandakot na elementong sira-ang-ulo?
Dapat kumayod agad
ang ating mga anak
na di lalampas sa katorse anyos;
magandang pangontra
sa pagkulo ng bituka
ang kanilang sahod.
Edukasyong di-matingkala
ang gayong maagang paggawa.
Ano po? Imbitasyon
ito sa eksplotasyon?
Kataka-taka ang lamig
ng tinig ng nagtanong:
naninigid!
Paumanhin po, kung higit
akong minamanhid.